

# 1

Nakahinga nang maluwag si Liz nang matapos ang ginagawang trabaho para sa araw na iyon. Sa wakas ay makakauwi na rin siya. Tumingin siya sa kanyang wristwatch; malapit nang sumapit ang alas siete ng gabi. Dapat ay kanina pa siya nakaalis. Alas cinco y media ng hapon ang oras ng kanyang uwian.

Kinailangan niyang tapusin ang dokumentong pinagagawa sa kanya ng kanyang boss kaya hindi siya nakauwi sa ganoong oras. Huling araw na kasi ni Mr. Ike Campado sa kompanya bilang CEO ng *Gonzales Food Processing, Incorporated*. At gusto nitong nasa ayos ang lahat bago lisanin ang posisyon.

Siya ang private secretary nito. Halos apat na buwan pa lamang siyang nagtatrabaho sa kompanya, pero madali niyang nakasundo ang mabait na amo. At nalulungkot siya sa kaalamang aalis na ito sa *GFPI*.

Ang alam niya ay ang panganay na anak—solong anak na lalaki—ng bagong may-ari ng *GFPI* ang papalit sa posisyon nito. At iyon ang kanyang magiging bagong amo.

For the past four months, hindi nalingid sa kanya ang papaluging estado ng *GFPI*. Upang kahit paano ay maisalba ang kompanya, ipinagbebenta ng pamilya Gonzales ang major share ng kanilang negosyo.

May nakabili na ng pagmamay-ari sa kompanya at ngayon nga ay iba na ang big boss ng *GFPI*. At kasabay ng pangyayaring iyon ay ang maraming pagbabagong ipinatupad sa loob ng kompanya. Maraming matataas na opisyal ang natanggal sa kanilang trabaho gayundin ang iba pang kawani sa iba't ibang division. At abut-abot ang kanyang pasasalamat nang malamang hindi siya kabilang sa mga mawawalan ng trabaho. She badly needed the job. Not at this point in her life.

Pagkatapos mailigpit ang mga gamit, nagmamadaling nilisan ni Liz ang opisina. Ang dokumentong ipinagawa nito sa kanya ay iniwan niya sa mesa nito.

Bitbit ang kanyang handbag at brown folder, binaybay niya ang kahabaan ng hallway patungo sa elevator. Sa Ortigas matatagpuan ang matayog na gusali ng *GFPI* at nasa ikasampung palapag ang executive offices. Bahagya niyang hinilot ang sintido dulot ng pagod sa maghapong pagtatrabaho. Isa

ang araw na ito sa may pinakamaraming gawain sa kanilang opisina.

Walang laman ang kanyang isipan kundi ang makauwi na kaagad. Her mind was occupied by the thought of Gerald. She knew that the boy was already waiting for her. At kahit pagod sa maghapon pagtatrabaho sa opisina, the thought of her cute little angel eased her weariness away.

Lumilipad ang kanyang isipan kaya hindi niya napagtuunan ng atensyon ang paligid. Kaagad siyang pumasok sa elevator nang bumukas iyon. Nakipagsiksikan siya sa mga taong nag-uunahan sa pagpasok sa loob. Akap-akap ang folder sa kanyang dibdib, pinindot niya ang 'G' button at naghintay.

Abala ang kanyang isipan with the thought of Gerald kaya hindi niya namalayan ang pagpasok ng isang lalaki sa loob ng elevator at pumuwesto sa kanyang harapan.

Liz wrinkled her nose as she sniffed something... The scent was indeed very familiar. Strange, but the manly cologne totally brought her senses to life.

At bigla, hindi niya maintindihan kung ano ang nangyari sa kanya. Her heart raced faster... heavier. She could almost feel the rushing of her own blood.

The familiar scent stirred something deep within her. It seemed that she was used smelling that manly scent sometime ago!

Itinaas niya ang kanyang mukha. The crease on her forehead deepened. And there, she saw the back portion of the head of the guy standing intimidatingly wide and tall in front of her. And her heart seemed to leap upon the sight.

Kilala ba niya ang lalaking ito?

Pamilyar sa kanya ang bultong iyon. Pamilyar to the point na nakatatak na yata sa kanyang buong katauhan. Sinikap niyang kapain sa sulok ng kanyang memorya kung sino ito, but she got no answer.

She could feel the sweating of her own palms... her cheeks seemed to be on fire. She felt herself shiver. This man... This strange feeling... This is indeed weird!

Her sanity was telling her, that she didn't know this person. Na ngayon lang niya ito nakita. Ngunit bakit ganito ang kanyang nararamdaman? And why was her heart beating like this?

Sa sobrang effort na ginagawa niya maalala lamang kung sino ang lalaking ito, she felt a pang of nausea. Pakiramdam niya ay biglang sumakit ang

kanyang ulo.

Liz tried to ignore his presence. But the fresh manly scent seemed to torture her spirit. Pakiramdam niya ay mas lalong sumikip ang espasyo at hindi siya makahinga.

Pinilit niyang kalmantehin ang sarili. Nalilito siya sa itinatakbo ng kanyang damdamin. At nang bumukas ang elevator sa ground floor, nakahinga siya nang maluwag.

Sa pagmamadaling makalabas ng elevator, halos nabangga niya ang likod ng lalaking iyon. She stiffened when she felt a strong force of electricity. Her eyes grew wide in amazement.

Dahil sa pagkabigla, napako siya sa kinatatayuan.

“Excuse me, Miss.” Ang boses ng babaeng nasa likuran niya ang nakapagpanumbalik sa natutulala niyang isipan.

“Sorry.” She smiled awkwardly at tuluyang lumabas ng elevator.

Her eyes followed him. Bahagya na itong nakalayo at patungo na sa parking area. As though she was possessed, hindi namalayan ni Liz ang sumunod na pangyayari. Tila may sariling pag-iisip

ang kanyang mga paa na mabilis niyang hinabol ang lalaki.

“Wait!” she shouted as he was about to slid into his car. Naudlot ang sana ay gagawin nito. He stiffened and after a while, glanced back at her. And she could not believe her own eyes when he faced her. Her grip on the folder tightened. Shocked, she just stood there like a statue.

She was staring at a face so vividly familiar! How could she not recognize those chinky eyes? Those eyes that reminded her of the most important person she had in life. Her sweet little angel Gerald! Nasapo niya ang kanyang ulo nang makaramdam ng pagkahilo.

“Yes?” Nakakunot ang noo ng lalaki. He locked his eyes with hers. The slits of his eyes narrowed and his face darkened. “Yes, Miss?” he repeated.

Ngunit nanatiling parang natuklaw ng ahas si Liz. He did not know, but he found himself staring into this beautiful stranger’s eyes. And he liked the feeling of it. The feeling of plunging into something he wanted to explore.

A while ago, when he heard her voice, something deep within him, buried in the corner of his soul

was awakened. Curiosity drove him to look back. He faced her squarely and discovered an astonishing fact.

The lady captured his attention. And he couldn't simply take his eyes off her. Although she was beautiful enough to be swooned, that was not the primary reason. Her face... those rounded cat-like eyes... upturned nose... and those kissable lips... He closed his eyes as he saw sunshine crossed her face.

He felt something different but homely familiar. Her pretty face brought him images of burning passion and undying memories. And it seemed that he, for the past years, had found a piece of himself!

And for the first time in two years, he felt his heart functioned normally. He could feel the thudding of his heart against his chest. And that intrigued him. This beautiful woman standing in front of him, with lips slightly open and with dreamy eyes, he felt the havoc of raw desire.

*Who is this woman?*

*Gerald...* Liz whispered silently. Her lips were quivering. Totoo ba itong nakikita ng kanyang dalawang mata? O dinadaya lamang siya ng isang

ilusyon?

“Yes, Miss?” His voice echoed, louder this time and with a touch of arrogance.

“Huh!” She felt her world swirling. And the attack of nausea was there again. A sticky and moist sweat dropped from her forehead.

“What can I do for you, Miss?” Still, he remained polite. At sa nakikitang reaksiyon ng babae, he felt damned sorry for her. And the urge to gather her in his arms and soothe her was awesome.

“Gerald...” It was a soft murmur.

Ngunit malinaw iyong nasagip ng pandinig ng lalaki. It was then that he realized na napagkamalan ito ng babae for someone else.

“Excuse me,” he smiled a bit. “I’m not Gerald. My name is Christian.” His mouth twisted arrogantly.

Na lalong nakapagpatulala kay Liz! He looked very handsome! She was fascinated by the smile. She watched as his lips curved and flashed a set of beautiful white teeth. And his voice? She gasped. It was then that she realized na kahit ang boses nito ay pamilyar sa kanya... Lalo tuloy siyang nalito.

“S-sorry,” she mumbled. “I thought I know you.”



Hindi niya alam kung paano niya nabigkas ang mga salitang iyon. Naramdaman niya ang pamumula ng mga pisngi nang ma-realize na umaakto siyang parang tanga sa harapan nito.

“It’s okay.” He smiled, assuring her not to worry about it. Ang chinito nitong mga mata ay nadagdagan ang pagkasingkit.

*Just like the way Gerald does.* Muli ay bigla siyang nalito sa naisip na iyon.

“Anyway, I’m Christian. And you?” He initiated the introduction.

“Liz. Liz San Diego.” Kusa iyong nanulas sa kanyang mga labi. Nag-aalangan pa sana siyang makipagkilala... But his warm smile was friendly enough to relax her tensed heart. Isa pa ay siya ang tumawag dito. And when he extended his hand para makipagkamay, inabot niya iyon.

And there was it again; she felt the strong flow of electricity as their hands touched. She automatically withdrew from the contact. It unnerved her. Her eyes looked away from his face.

*Easy, Liz,* she silently filled her lungs with oxygen. Hinamig niya ang sarili at itinaas ang ulo at buong tapang na sinalubong ang titig ng lalaki. Which was

a great mistake. She found herself drowned in those brown depths. Their gazes locked. Pakiramdam niya ay may kapangyarihan ang mga mata ng estranghero at nagma-malfunction ang kanyang utak. At hindi niya alam kung paano pahupain ang nagririgodon niyang damdamin.

It seemed like time stood still. And for a moment, something on her mind flashed back. Blurry images flooded her brain. She closed her eyes tightly.

“Glad to meet you, Liz.” His voice was thick and hoarse. Ngunit parang isang malamyos na musikang umabot iyon sa kanyang pandinig.

“Liz,” he uttered her name again, tasting its sweetness at the tip of his tongue.

She opened her eyes and bravely met his stare. “Same here, C-Christian,” she still mumbled. She was trying to hold her composure. Ngunit ang malakas at misteryosong dating ng lalaki ay mistulang isang mabangis na tigreng hindi niya kayang paamuin. At hindi niya maipaliwanag ang kakaibang pakiramdam na dulot nito sa kanya.

“Sorry for the inconvenience. Naistorbo tuloy kita.” She smiled shyly. “I guess I have to go now.” *Enough, Liz!* Lihim niyang pinagalitan ang sarili.

*Stop acting like an idiot!*

Hindi na niya hinintay pa na makasagot si Christian. Sa nagmamadaling mga hakbang ay nilisan niya ang lugar na iyon, papalayo rito. Papalayo sa kakaibang damdaming hindi naman niya maintindihan kung ano.

Dali-dali niyang pinara ang dumaang taxi at pumasok sa loob nang huminto iyon. Narinig pa niyang tinawag siya ng lalaki, ngunit hindi na niya pinag-abalahang lingunin pa ito.

Saka lamang nakahinga nang maluwag si Liz nang tumatakbo na papalayo ang sinasakyang taxi. Her meeting with that stranger seemed to bring her into another dimension.

“Christian...” She whispered his name and sighed in exasperation. Kahit alam niyang estranghero sa kanya ang lalaking iyon, hindi niya mapigilan ang mag-isip tungkol sa tunay nitong pagkatao. Mahirap itakwil sa isipan ang nakita mismo ng mga mata niya. He really looked like Gerald. The same chinito eyes...

Baka naman pagkakataon lang ang lahat. But the resemblance was very pronounced and undeniable! Napabuga na lamang siya ng hangin.

## 2

“Mama!” Masayang boses ng isang taon at limang buwang cute na batang lalaki ang sumalubong kay Liz. Bagaman bata pa ito ay matatas na kung magsalita.

“My cute angel!” Liz felt her heart throb with pride. Gerald was such a very adorable child. Yumuko siya at malambing na hinalikan ang soft, rosy cheeks nito at kinuha sa stroller ang tatawa-tawang bata.

“Kanina ka pa hinihintay ni Gerald, Ate,” ani Maila, ang yaya ng bata. Nakasunod ito sa likuran niya habang itinutulak ang stroller na walang nakasakay na paslit.

“Sobrang traffickasi,” tugon niya at napabuntong-hininga. Hanggang ngayon ay hindi pa rin makatkat sa kanyang isipan ang nangyari kanina. Her meeting with that stranger named Christian. Hindi tuloy niya maiwasang titigan ang anak. And there, she confirmed the great similarity between that stranger and Gerald.

“Nasaan si Inay, Maila?” Hindi niya alam kung ano ang iisipin nang mga sandaling iyon. Nangangapa

siya sa dilim. And right now, she wanted to talk to her mother. Marami siyang mga katanungang hindi mahanapan ng kasagutan.

“Nasa kusina po at naghahanda ng hapunan.”

Tumangu-tango siya at nagpasalamat. Nagpasya siyang maupo muna sa sofa bago puntahan ang ina.

She took a longer look at her son sitting on her lap. And again, hindi niya maiwasang mapabuntong-hininga.

Naalala niya ang kanyang ina. Rosita had always been there para dumamay sa kanila ng nakababatang kapatid niyang si Kristel sa mga pagkakataong kailangan nila ng tulong.

At somehow ay sinundot siya ng konsyensya. Hindi niya alam, but for the first time, she doubted her mother.

Pakiramdam kasi niya ay marami itong itinatago sa kanya. At hindi niya maiwasang magduda.

Pakiramdam ni Liz ay maraming kulang sa kanyang pagkatao. Maraming katanungan ang gumugulo sa kanyang isipan. Bagaman sinagot na iyon ng kanyang ina at dati ay pinaniniwalaan niya, ngunit ngayon ay hindi niya maturol ang

katotohanan ng mga bagay-bagay.

At ang insidenteng nangyari kanina ay mahirap ipaliwanag. At nalilito siya sa tinatakbo ng damdamin niya.

Hindi niya kilala ang Christian na iyon. At base sa naging reaksyon nito, hindi rin siya kilala ng lalaki. But the strange feeling she felt for him was quite unexplainable!

Hindi niya lubos-maisip kung bakit ganoon na lamang kalakas ang naging epekto nito sa kanya. Maybe she could account that to the fact na kamukha nito ang kanyang anak. In fact, he was the older version of her son!

*Yes!* she snapped. *Maybe that was it!* The fact that he looked like her son captured her attention. And that put an invisible bond between them and nothing more.

But the similarity was so great that it was hardly coincidental! Nagsusumiksik iyon sa kanyang isipan. And she was getting paranoid!

Nalilito na siya sa tinatakbo ng kanyang pag-iisip. At ang nakalilitong damdaming lumukob sa kanyang pagkatao sa pagtatagpo nila ni Christian seemed to torture her soul.

She suddenly felt weak and battered.

Hindi mapuknat-puknat sa kanyang isipan ang guwapong mukha ng estrangherong iyon.

*Christian....*

The name even sounded very familiar. But of course, it was a common name.

Oh, how she wanted to throw him out of her system!

Liz released a silent sigh of weariness and frustration.

MAAGA SIYANG PUMASOK sa opisina kinabukasan. Ito ang unang araw ng kanyang bagong boss. Alas ocho y media ng umaga ang oras ng kanyang pasok. Sampung minuto bago mag-alas-ocho ay paakyat na siya sa elevator papunta sa tenth floor.

Ngunit napansin niyang may tao na sa loob ng opisina nang marating niya ang pintong bahagyang nakaawang.

Liz stopped in front of the door. At sa maingat na galaw ay sinilip niya ang loob ng opisina.

*Hindi Nakakalimot ang Puso - Sharon Rose*

---

And there, sitting on the swivel chair formerly used by Mr. Campado was a figure of a man that made her heart suddenly jump in surprise. Ang tibok ng kanyang puso ay unti-unting bumilis.

Nakayuko ito at may binabasang papeles, subalit hindi niya makakalimutan kailanman ang tindig at pigura nito.

Ano ang ginagawa ng lalaking ito sa loob ng opisina ni Mr. Campado?

And when realization hit her mind, she gasped in bewilderment. *This can't be true!*

She rubbed her eyes hoping na baka naghahallucinate lamang siya. But he was still there. Seryosong pinag-aaralan nito ang binabasang papeles.

She could not deny the implication of his presence inside the office anymore. Ito ba ang kanyang bagong boss? Excited ba siya? Her heart was racing inside her chest at pakiramdam niya ay nahihirapan siyang huminga.

Isang malalim na buntong-hininga ang pinakawalan niya. Inayos muna niya ang sarili bago pumasok sa loob ng opisina.



“Good morning, Sir.” Nag-aalangang binanggit ni Liz ang ‘Sir.’ Wala kasi siyang ideya tungkol sa panganay na anak ng bagong big boss ng *GFPI* na siyang pumalit kay Mr. Campado. Ni hindi niya pinagkaabalang tanungin ang dating boss tungkol sa bagay na iyon.

Mula sa binabasang papeles ay nagtaas ng mukha ang lalaki. Ang seryosong mukha nito ay biglang nagliwanag nang mapagsino ang babaeng nakatayo sa harapan nito.

She was wearing a smart office suit. Ngunit hindi niyon naitago ang makurbang katawan ng babae. And she looked fresh and youthful! And her eyes... those eyes na hindi nito pagsasawaang titigan ng kahit ilang oras.

Bahagyang kumunot ang noo ni Christian. He wondered why this lady was in front of him right now. Was this just a part of his wild imagination? But then realization struck him.

He smiled. “Are you my secretary, Liz?” His eyes twinkled in the morning light.

His warm smile was enough to turn her knees into jelly. Ngunit kinontrol ni Liz ang kanyang damdamin.

“Yes, Sir,” she answered eagerly. Her heart throbbed with delight. At hindi pala siya nakalimutan nito. Ang kumpirmasyong iyon ang kanyang hinintay upang matiyak na ito nga ang kanyang bagong boss.

Mixed emotions flooded her heart. She felt happy... She felt excited... But at the same time, she felt... scared?

And while staring at his dark chinky eyes, Liz could not help but think of her son.

And she would work for this man at magkakasama sila sa loob ng opisina ng ito limang beses sa isang linggo!

“Oh!” he exclaimed. “At ikaw nga ang magiging sekretarya ko.” Tuluyang nawala ang atensyon nito sa binabasang papeles. “This is really nice.”

That was a compliment. And she felt a sudden chill within her. Pakiramdam niya ay biglang nanlambot ang kanyang mga tuhod. Sa klase ng titig sa kanya ng lalaki, she felt her heart raced with anticipation.

Strange, but she felt something oddly familiar.

Liz broke the eye contact and dropped her gaze to the floor. She looked at him again when she thought

she was able to gather back her scattered wits. Then she put a mask of coolness and professionalism on her face. Trabaho lang, walang personalan.

“If you need something, Sir,” she said politely, “just ask my assistance.” At sa nanghihinang mga tuhod ay tinungo niya ang mesang nakalaan para sa kanya. Kailangan niyang makaupo dahil pakiramdam niya ay matutumba siya anumang sandali. She was about to sit down when she remembered something. Muli niyang hinarap ang lalaki.

“Pardon, Sir, but may I know your full name?” Hindi niya alam kung mababastos ito sa kanyang tanong. She felt like an idiot. Ni hindi niya alam ang pangalan ng kanyang bagong boss!

“Oh, yes,” he chuckled amusely. “It’s Christian. Christian Dee.”

Liz found herself fascinated by his amorous chuckle. She watched his Adam’s apple moved up and down with masculine certainty. She swallowed hard and warned herself silently.

Upon hearing his full name, she felt a pang of nausea attacked her system. It really rang a bell! Hindi niya ipinahalata rito ang sandaling pagkahilo. She smiled.

“Okay, Mr. Christian Dee, I hope to have a smooth working relationship with you.” She slightly tilted her head.

Isang simpleng tango ang naging tugon ni Christian. Matiim pa rin itong nakatingin sa babae. Every simple action she made, he took notice of that. He simply found them graceful and appealing.

He felt something odd toward her. And that fueled his desire to know this woman better. To discover why she had this enigmatic effect on him. He thought that he was just attracted to this lady. And that he was just intrigued. Pero sigurado na ito ngayon na hindi lamang attraction ang nararamdaman nito para sa babae.

Surely, there was something else.

Liz could make him feel alive. Pakiramdam ni Christian, muli itong nabuhay. And this time, complete with all the feelings and emotions a normal being had.

For the past two years, his life was empty. He was there to live, but never to exist. Maraming kulang sa buhay nito. At ngayon, natagpuan na nito ang ilang bahagi ng pagkatao. And he was determined to complete the other missing pieces of his life. To

make him whole again.

And he knew that with the help of Liz, he surely could do that. Staring at her brown cat-like wide eyes, he could feel the familiar scent of a home.

“Liz San Diego,” he whispered her name on the tip of his tongue and discovered something vaguely familiar.

Si Liz ay kanina pa hindi mapakali sa kinauupuan. Pakiramdam niya ay unti-unting nauubos ang supply ng oxygen sa silid na iyon at unti-unting sumisikip ang kanyang paghinga.

His presence seemed to occupy every space inside the room. And dear Lord! Kanina pa ito nakatitig sa kanya at nako-conscious tuloy siya! Was he trying to find something wrong with her upang masabon siya? And she was really intimidated.

*Please stop staring at me, for Christ's sake!* she prayed silently. Hindi tuloy siya makapag-isip nang maayos. Pilit niyang inabala ang sarili sa pag-ayos ng mga nagkalat na files sa kanyang mesa. Tinungo niya ang cabinet na naglalaman ng mahahalagang dokumento. Inayos niya ang laman niyon kahit pa wala namang dapat ayusin.

Heat was boring at her back. And she damned

well knew that he was still watching her! She sighed.

“Liz?”

Nabitin sa ere ang kanyang mga kamay. “Yes, Sir?” Kaagad niya itong hinarap. At kitang-kita niya ang bahagyang pagngiwi ng mga labi nito. Bigla tuloy siyang kinabahan. May nasabi ba siyang hindi nito nagustuhan?

“Can you make me a cup of coffee?” he asked politely.

Kaagad na iniwan ng dalaga ang ginagawa at tinungo ang pantry. Hindi niya sinalubong ang titig ni Christian. Nagtimpla siya ng kape sa percolator, pagkuwa’y nagsalin ng mainit na likido sa tasa. Inilagay niya ang cup and saucer sa isang maliit na tray at dinala sa mesa ng lalaki.

“Here’s your coffee, Sir Dee.” She made no reaction when he obviously twisted his lips in distaste. This time ay hayagan nitong ipinakita sa kanya ang pagkadisgusto.

“I would rather appreciate it if you just call me ‘Christian,’ Liz. Especially...” kaagad na dagdag nito when she tried to open her mouth to object. “Especially when no one is around.”

“But, Sir—” Still, she tried to voice out her objection.

“Did I make myself clear, Liz?” he said authoritatively.

The power in his voice was enough to subdue her. Walang magawa, she found herself nodding.

“Good.” Christian smiled in satisfaction.

Pagkatapos mailapag sa mesa nito ang bitbit na tray, kaagad na bumalik sa sariling puwesto si Liz. She was trying to avoid any further conversation with him. Pakiramdam kasi niya ay nauubos ang kanyang lakas.

This time, Christian’s eyes were fixed on the cup of coffee on his table. The slits of his chinky eyes narrowed even more. But the cup of coffee evoked something within him. And when he got a taste of it, he frowned.

Not only did he really liked the taste of coffee, but it brought a very familiar feeling. Bigla ay umikot ang mundo ng lalaki. Ngunit sa pagnanais na may maalala, he reached a dead end.

“Damn!” Frustrated, he opened his eyes. Nasapo nito ang ngayon ay sumasakit na ulo. And when he

gazed at her direction, he saw the look of concern on her face.

Si Liz ay hindi mapalagay sa kanyang inuupuan. Hindi ba nito nagustuhan ang timpla niya ng kape? Napasapo siya sa noo nang maalala na hindi nga pala niya natanong ang lalaki kung anong klaseng timpla ang gusto nito.

“Something wrong, Sir?” At nadagdagan ang malakas na kabog ng kanyang dibdib nang makita niyang mariin itong napapikit.

“It’s Christian, Liz!” he said in a loud voice. May diin sa timbre ng boses nito.

“C-Christian!” she stammered. Nagulat siya sa biglang pagtaas ng boses nito.

“That’s better,” he said in a softer tone. This time ay bahagya itong napangiti. He liked the sound of his name coming from her lips. He stretched his arms at umayos ng upo saka muling tumitig sa mukha ng dalaga.

God, but she was really beautiful! And the brightness of her beauty was quite contagious. Parang therapy iyon na nakapagpakalma sa kalooban nito.

“Hindi n’yo ba nagustuhan ang kape, Si—” she



stopped in mid-sentence when she saw the look of warning in his eyes, “Christian?” kaagad na dugtong niya.

“There. It did not bite you, did it?” His eyes flashed in amusement. Isinandal nito ang likod habang hindi inaalis ang tingin sa kanya. “No. It’s not like that. In fact, I really liked the taste of the coffee,” he spoke sincerely. “It’s just that... I’ve got this feeling that I already got a taste of this coffee once in my life.” He was looking intently into her eyes. Tila may kung anong hinahanap ito roon.

The comment took her by surprise. At hindi niya alam kung bakit, but she felt the same way too. Na para bang minsan sa kanyang buhay ay naipagtimpla na niya ng kape ang lalaki!

But she kept her thoughts to herself.

“Your coffee tastes great, Liz.”

Her heart throbbed with the compliment. Isang simpleng ngiti at kibit ng balikat ang kanyang naging tugon sa papuri nito bago muling inabala ang sarili sa pagtatrabaho.

At nang makitang muling ibinalik ni Christian ang atensyon sa pagbabasa sa hawak nitong papeles, nakahinga siya nang maluwag at lihim na umusal

ng pasasalamat.

MAINGAT NA PUMASOK si Liz sa silid ng anak. Naratnan niyang natutulog ang bata. Nang dumating siya kanina ay sinabi ng kanyang kapatid na maagang nakatulog ang kanyang anak.

Si Maila naman ay abala sa pagliligpit ng mga nagkalat na laruan sa paligid.

Kaagad siyang napangiti nang masilayan ang anak na mahimbing na natutulog. He looked like an innocent angel. Lumapit siya sa kuna at marahang hinalikan ang pisngi nito. Tahimik na pinanood niya ang natutulog nang bata.

Kahit nakapikit, hindi maipagkakailang chinito si Gerald. Kabaligtaran ng kanyang mabibilog na mata. Her eyes were round like that of a cat.

Hindi nito minana ang kanyang mga mata. Ngunit ang sinabi ng kanyang ina ay may Chinese ancestry raw sila. Her great grandfather was a Chinese mestizo. Ang ama nito ay purong Chinese samantalang Pilipina naman ang ina.

*Gerald...*

She felt sad for him. And while watching her

son sleep peacefully, she couldn't help but feel sorry for him. Maaga itong naulila sa ama.

She released a soft sigh. She felt herself weaken as she thought of the accident which happened two years ago. That fatal accident which left her son fatherless.

Bigla siyang napaunat. Wala nga pala siyang maalala sa nangyaring aksidente. Hanggang ngayon ay hindi pa rin niya maalala ang detalye ng mga pangyayari.

Kung hindi sa mga impormasyong sinabi sa kanya ng ina, wala talaga siyang ideya kung ano ang tunay na nangyari mahigit dalawang taon na ang nakalipas.

HINDI MAKATULOG si Liz nang gabing iyon kaya ipinasya niyang magpahangin muna sa veranda.

Maraming gumugulo sa kanyang isipan. Pinipilit niyang alalahanin ang nangyaring aksidente two years ago, ngunit nanatiling blangko ang kanyang memorya.

“May problema ba, Liz?”

Isang malalim na buntong-hininga ang

pinakawalan niya bago nilingon ang taong nagsalita sa kanyang likuran. She saw her mother.

Hinarap niya ito at matamang pinagmasdan na para bang mayroon siyang hinahanap. Mayamaya ay ibinaling ni Liz ang paningin sa ibang direksyon. Kumuha siya ng tamang buwelo upang isatinig ang laman ng kanyang isipan.

“I met someone who looks very much like Gerald, ‘Nay.”

At dahil nakatitig siya sa kawalan, hindi tuloy niya nakita ang pagkabiglang bumadha sa mukha nito.

“Hindi lang sila basta magkamukha ni Gerald, ‘Nay. In fact, he is the older version of my son.”

Sandaling natahimik si Rosita. Nagsisimula na itong makaramdam ng kaba subalit itinago iyon sa anak.

“Baka magkamukha lang sila, anak,” mayamaya ay saad nito. “Chinito rin ba katulad ng apo ko?”

Marahan siyang tumango in confirmation. “He got the eyes of my son.”

“Gan’un ba?” Kaagad nitong pinagana ang isipan. “Well, Liz, alam naman natin na magkakamukha ang

mga Chinese. Magkakapareho kasi ang mga mata. Mga singkit. Maybe that was the reason kung bakit kamukha ng taong iyon ang anak mo.”

Her mother presented her a very credible reason. Ngunit hindi siya lubos na kumbinsido sa paliwanag nito. Mahabang sandali ang kanyang pinalipas bago isinatinig ang matagal nang gumugulo sa kanyang isipan.

“Nay, bakit hanggang ngayon ay hindi ko pa rin maalala ang nakaraan ko?” She paused. “Bakit wala pa rin akong maalala tungkol sa nangyaring aksidente two years ago?” She faced her mother squarely. And for a fleeting moment, nasaksihan niya ang samu’t saring emosyong bumalatay sa mukha nito. “Hanggang ngayon, ‘Nay, nangangapa pa rin ako sa dilim. Gusto kong maalala ang lahat. ‘Nay, may dapat ba akong malaman?”

Isang malalim na buntong-hininga ang naging sagot ni Rosita. Tumabi ito sa anak at nakipagtitigan sa kadiliman ng gabi. Malayo ang nilalakbay ng isipan nito.

Matagal na katahimikan ang namayani sa pagitan ng mag-ina.

“Liz?”

*Hindi Nakakalimot ang Puso - Sharon Rose*

---

Kaagad niyang nilingon ang katabi. Malalaman na ba niya ang lahat ng katotohanan sa pagkakataong ito?

# 3

Matagal na tinitigan ni Liz ang larawan ni Borgy. Chinito talaga ito.

This guy was the father of her son, she thought. Pinag-aralan niya ang features ng lalaki. Parehong chinito ang dalawa, Borgy and Gerald. Subalit habang matagal na nakatitig sa hawak na larawan, isang bagay ang hindi nakaligtas sa kanyang paningin.

Pareho mang singkit ang mga mata nina Borgy at Gerald, napansin niyang hindi magkapareho ang hugis ng mga mata ng mag-ama. Each one had eyes unique from the other.

*Christian...* Out of nowhere, his name popped in her mind. Still, Christian and Gerald really resembled each other.

Muli niyang tinitigan ang litrato ni Borgy. Kung hindi niya makita ang pagkakahawig nito sa kanyang anak, may gusto siyang maramdaman. She was hoping to feel something within her toward him. Ngunit wala siyang makapang espesyal na damdamin para rito.

Kasabay ba ng nangyaring aksidente two years

ago ang pagkawala ng kanyang damdamin para kay Borgy? Hindi niya makapa sa kanyang puso ang kakaibang damdaming nararamdaman niya para kay Christian.

*Christian....*

Anong papel nga ba ang ginagampanan ng lalaking iyon sa kanyang buhay? Her mind fathomed the possibilities. And she was shocked by her thoughts.

Ipinilig ni Liz ang ulo. What she had just entertained in her mind was a very crazy idea. But she just couldn't deny the fact na masyadong magkamukha sina Christian at Gerald.

Could he be the real father of her son and not Borgy?

*Oh!* How she wanted to laugh hysterically. Palagay niya ay nababaliw na siya sa itinatakbo ng kanyang imahinasyon. She closed her eyes in frustration. Ngayon ay gulung-gulo na ang dati ay tahimik niyang buhay.

Sa sobrang pag-iisip, hindi tuloy siya dalawin ng antok. Muli niyang sinariwa sa kanyang isipan ang ikinuwento ng ina kanina. Consistent ang mga impormasyong sinabi nito sa kanya. Iyon din ang



sinabi nito sa kanya noon.

Naaksidente sila ni Borgy nang tinangka nilang magtanan. She was pregnant at that time. Nang malaman ng kanyang ina ang kanyang sitwasyon, nagalit ito at sa bugso ng damdamin ay pinalayas siya.

Hindi rin siya matanggap ng pamilya ni Borgy. Bukod sa hindi siya Chinese, nagmula pa siya sa isang mahirap na pamilya. But Borgy loved her so much at mas pinili siya kaysa sa pamilya nito. Nagtanan silang dalawa. But along their way, isang malagim na aksidente ang nangyari.

Ang kanilang sinasakyan ay bumangga sa isang ten-wheeler truck. Namatay si Borgy sa aksidenteng iyon. Siya naman ay nakaligtas sapagkat sa huling pagkakataon, niyakap siya nito upang protektahan.

Agaw-buhay rin siyang dinala sa ospital, ngunit nakaligtas siya sa bingit ng kamatayan. Sa kanyang pasasalamat ay himalang nakaligtas din ang sanggol sa kanyang sinapupunan.

Nagising na lamang siya sa loob ng ospital at walang maalala. Hindi niya nakilala si Rosita bilang ina niya kaya nagpakilala ito.

Ayon sa doktor ay nagkaroon siya ng temporary

loss of memory. She suffered from retrograde amnesia in particular. Ang mga pangyayaring naganap bago ang aksidente ay hindi na niya maalala. Ngunit sa tulong ng ina at ng kanyang pamilya, nalaman niya ang mga bagay-bagay tungkol sa kanyang pagkatao.

Sinabi ng doktor ay babalik din ang kanyang memorya sa lalong madaling panahon. Ngunit dalawang taon na ang nakalilipas ay wala pa rin siyang maalala kahit isang pangyayari sa nakaraan.

Kung dati ay hindi siya nagmamadaling bumalik ang kanyang memorya, ngayon ay atat na atat na siyang maging normal uli.

Dati ay kontento na siya sa takbo ng kanyang buhay. Masayang namumuhay ang kanyang pamilya. And with Gerald by her side, ang munting anghel na nagbibigay sa kanya ng sanlibong kaligayahan, she felt complete and contented. Wala na siyang mahihiling pa.

But that was before she met that guy named Christian. Ngayon ay naguguluhan na siya sa tinatakbo ng mga pangyayari.

*Christian...*

She closed her eyes and racked her brain. Ngunit sumakit lamang ang kanyang ulo. Wala siyang

maalala na maaaring makapag-ugnay sa kanila ni Christian.

Frustrated na nagmulat siya ng mga mata. But she was not about to give up yet. She closed her eyes again. Solemnly this time. And she heard a tiny voice from the corner of her heart. May ibinubulong sa kanya ang kanyang puso. Ngunit hindi niya maturo ang kahulugan niyon.

Her heart beats faster when he was around. Especially when he was near her. And even the mere thought of him could make her heart increase its erratic rhythm.

Her heart, she thought. Something was wrong with her heart. At hindi man niya gustong yurakan ang magandang alaala ni Borgy, she couldn't help but entertain Christian in her life.

*“YOU DON'T HAVE to do this, Christian. Hindi mo kailangang mamili sa pagitan namin ng pamilya mo. I understand your situation. Maiintindihan ko kung tatalikuran mo ang responsibilidad mo sa akin. I am not obliging you, Christian. Please, ‘wag mong sirain ang buhay mo at ang pamilya mo nang dahil lang sa akin.”*

*She loved him so much. So much that despite her situation, she was more than willing to set him free kahit na masaktan pa siya.*

*Ngunit walasiyang pakialamsasariling damdamin. What mattered most to her ay ang kapakanan ni Christian. Masaya na siya kapag maganda ang takbo ng buhay ng lalaking pinakamamahal.*

*“That’s nonsense, Liz!” exasperated na pahayag ng binata. “Ikaw ang pinakaimportanteng tao sa buhay ko. You ’re my life! At alam mo ‘yan. I can’t live without you.” His voice was desperate. “Pag nawala ka sa akin, mawawalan ng saysay ang buhay ko, Liz.” Tears formed in the corner of his eyes. “Ikaw ang pinakamagandang regalong ibinigay sa akin ng Diyos. Matagal na panahon kitang hinintay, Liz. At ngayong natagpuan na kita, hindi ko hahayaang mawala ka pa sa buhay ko. I love you so much, Liz. I love you more than anything else in this world.” Madamdamin ang naging pahayag nito.*

*The truth of what he had said, and the intensity of his feelings mirrored in his eyes. Walang kurap na nakatitig ang dalaga sa chinitong mga mata ni Christian. She could see sincerity on those pair of dark brown eyes. Ang mga mata nito ay nangungusap.*

*She dropped her gaze.*

*“Do you love me too, Liz?” he uttered slowly. Pilit nitong hinuhuli ang kanyang mga mata. “I love you so much, Liz,” puno ng emosyong pahayag nito. “Do you love me too?” Ang nanginginig nitong mga kamay ay pumatong sa kanyang magkabilang balikat. Pilit siyang inihaharap sa mukha nito.*

*Nanubig ang kanyang mga mata. She tried very hard to fight back the tears.*

*Of course! She loved this man so much! God knows how much she loved him! To the point na kayangkaya niyang ibigay ang lahat dito maging maligaya lamang ang binata.*

*“You’re my life, Liz. At hindi ko kakayanin kung mawala ka sa akin. Mamamatay ako sa lungkot at pangungulila. Ikaw ang nagbibigay-kulay sa buhay ko. Kung wala ka, wala na rin akong dahilan upang mabuhay pa. Please don’t ever think of leaving me. Dont drive me away from you,” bahagyang pumiyok ang boses nito.*

*“Christian...” Hindi niya alam kung anong angkop na salita ang sasabihin sa kasintahan. Her chest was heavy with mixed emotions. Kailangang makumbinsi niya ito na isipin ang magandang kinabukasang nakalaan para rito kung ang pamilya nito ang pipiliin. Wala siyang maibigay sa nobyo*

*maliban sa wagas na pagmamahal.*

*“Di ba mahal mo rin ako?” parang batang pagsusumamo ng lalaki. Garalgal na ang boses nito.*

*Of course, I love you too, Christian! Mahal na mahal kita!*

*Ngunit nalunod sa kanyang lalamunan ang mga katagang iyon.*

*His hand gently cupped her chin and raised it a fraction. His eyes stared deep into hers.*

*Pilit na iniwas ni Liz ang paningin. Ayaw niyang makipagtitigan sa kasintahan. Natatakot siyang baka mabasa nito sa kanyang mga mata ang tunay na nilalaman ng kanyang puso.*

*Hindi niya maatim na sirain ang magandang kinabukasang nakalaan para rito nang dahil lamang sa kanya. Ngunit hindi rin niya magawang saktan ang pinakamamahal lalo pa at halos ay nagsusumamo na ito sa kanyang harapan.*

*“I love you so much, Liz. I know you love me too. Di ba?” Tila gusto nang kumawala ang luha sa mga mata nito. Desperado itong manatili siya sa piling nito.*

*Marahang tango ang kanyang naging tugon.*

*Hindi Nakakalimot ang Puso - Sharon Rose*

---

*She sighed in exasperation. Her chest full with kept emotions. Hurting him was the last thing she would ever do in her entire life.*

*“I love you so much too, Christian!” Hindi na napigilan ni Liz ang isinisigaw ng kanyang damdamin. “And because of that, ayokong masira ang buhay mo.” Hindi na niya napigilan ang sariling mapaiyak. Yumugyog ang kanyang mga balikat. She buried her face on his chest. She was sobbing.*

*He gathered her in his arms. Ang isang kamay nito ay lumipat sa kanyang ulo at humagod sa kanyang buhok, comforting her... giving her strength and assurance.*

*Christian was definitely the most lovable person that she had ever met. Not to mention the kindest and the most romantic. Sa kabila ng mataas na kalagayan ng pamilya nito sa lipunan, nanatiling simple ang binata. Hindi ito naging mahirap abutin ng mga simpleng taong kagaya niya.*

*And she liked him very much. With all of his adorable qualities, hindi naging mahirap sa kanya na mahalin ito. He was every inch the ideal man that she was waiting to cross her path.*

*At kailanman ay hindi nagdalawang-isip ang*

*Hindi Nakakalimot ang Puso - Sharon Rose*

---

*lalaki na iparamdam sa kanya ang tunay na nilalaman ng puso nito kahit nagmumukha na itong corny.*

*Never in her entire life was she loved so dearly by a man. He always made her feel special. And she loved him too more than she ever loved anyone before. More than her own life.*

*Nasiyahan ito sa narinig mula sa kanya. His face lightened. Hinawakan nito ang kanyang kaliwang kamay at dinala sa dibdib nito. She could feel the beating of his heart. “We’re in this together, okay?” His eyes bored into hers. “Believe me, kaya natin ito basta’t magkasama tayo. Promise, I’ll do anything, everything para malampasan natin ang pagsubok na ito. Just stay with me. Ikaw ang buhay ko, Liz. Ikaw lamang at wala nang iba.” He planted a soft kiss on her lips.*

*“Oh, Christian...”*

*Nangingilid sa luha ang kanyang mga mata. Hindi niya alam kung dapat ba niyang ikatuwa ang desisyon nito. Ngunit hangga’t may mga tao silang naaapakan at nasasaktan, hindi magiging lubos ang kanyang kaligayahan at mananatili ang guilt sa isang sulok ng kanyang puso.*

*Naalala niya ang kanyang pamilya. Alam niyang*



*nasaktan niya ang kanyang ina. Hindi niya sinasadya iyon. Ngunit kailanman ay hindi siya nakaramdam ng pagsisisi. She loved Christian so much at makakaya niyang tiisin ang lahat sa ngalan ng pag-ibig.*

*Ang with Christian by her side, wala na siyang mahihiling pa sa Maykapal. Si Christian ang katuparan ng kanyang mga pangarap. At kahit pa mistulang bangungot na hinahabol siya ng mga taong hindi sang-ayon sa pagmamahal nila, pilit na kinakaya ni Liz ang pressure. She was doing this not only for herself but also for Christian. At higit sa lahat, para sa sanggol sa kanyang sinapupunan. Ang binhing magpapatibay lalo sa pag-iibigan nila ng kasintahan.*

*Christian...*

*“Gising na, Liz!”*

*Her eyes suddenly flung open. She jerked as she saw her mother. Tinatapik-tapik nito ang kanyang mukha. Ginigising siya.*

*“Male-late ka na sa pagpasok sa trabaho mo, anak!” Tumayo si Rosita at hinawi ang makapal na kurtina.*

*Nagliwanag ang loob ng silid ni Liz nang pumasok ang liwanag ng araw dulot ng pagkakahawi sa kurtinang tumatabing sa bintana.*

It was then that she realized na nanaginip lang siya. The dream seemed real. Buhay na buhay ang mga sensasyong naramdaman niya while she was in his arms.

Bakit niya napanaginipan si Christian? At bakit ganoong tagpo ang nasa panaginip niya? Liz shook her head. She wanted to drive him away. Kahit sa panaginip ay ayaw siyang lubayan ng lalaki.

Bumangon na siya at pumasok ng banyo upang maligo. Baka sa pamamagitan ng malamig na tubig ay maalis na niya sa kanyang sistema ang tungkol kay Christian.

LATE NA SI LIZ nang makarating sa gusali ng GFPI. Bukod sa hindi siya nakagising nang maaga, na-traffic pa. She was already thirty minutes late.

Nadatnan niya si Christian na naghahalungkat ng mga files sa cabinet. Madilim ang bukas ng mukha nito.

“Good morning, Sir,” bantulot niyang bati.

“And what’s good in the morning?” tila aburidong asik ng lalaki. “Look, you’re already late. Palagi ka bang late kung pumasok?”

Hindi niya nagustuhan ang sinabi nito. Ang kanyang pagnanais na humingi ng paumanhin ay napalitan ng pagkairita. But she tried to control her temper. After all, wala siya sa posisyong makipagsabayan ng galit dito.

“Sorry for being late, Sir. But unfortunately, I got caught up in a heavy traffic.”

“So you’re blaming the traffic, huh!” Christian’s brows rose sardonically. “Saan sulok ka ba ng mundo lumaki at hindi mo alam kung gaano ka-traffic sa bansang ito? You should have considered the burden of traffic.”

Biglang nagpanting ang kanyang tanga sa narinig. She felt insulted. Mainit yata ang ulo ng lalaki?

“Again, my apology, Sir,” she said in a hard voice. “But I want you to know that this was the very first time na na-late ako sa pagpasok. I assure you, hindi na ito mauulit pang muli.”

“Oh, really?” he mocked. “I hope so.” Napahalukipkip ito at matiim siyang pinagmasdan.

Pilit niyang sinalubong ang makasigid-butong titig ni Christian. He looked haggard. Nanlalalim ang mga mata nito. A faint hint of dark circles around

his eyes told her that he had a hard time sleeping last night.

Pareho yata silang hindi nakatulog nang maayos nang nakaraang gabi!

Liz wore makeup this time. Medyo makapal ang kanyang eye shadow. Naglagay rin siya ng concealer sa ilalim ng kanyang mga mata.

She did that in purpose. Upang itago ang panlalalim at pangigitim ng mga mata tanda ng pagkapuyat ng nagdaang gabi.

“Gusto n’yo ba ng kape?”

Christian smiled. “Now that sounds good. Sige, ipagtimpla mo ako ng masarap na kape. I think I need some stimulant.”

Habang nagtitimpla ng kape si Liz ay panay ang sulyap niya sa binata na abala naman sa paghalungkat sa mga files.

Lihim niyang pinag-aralan ang pigura nito. Sinamantala niya ang pagkakataong hindi ito nakatitig sa kanya. He was tall and he got a lean athletic body. Bagay na bagay rito ang suot na three-piece suit. Christian was indeed a picture of a dashing young executive.

“Heto na ang kape n’yo, Sir.” Inilapag niya ang tasa ng kape sa mesa nito. “Ano ho ba ang hinahanap n’yo?”

Narinig niya ang malalim na buntong-hininga nito. At nang pumihit ito paharap sa kanya, his expression was grim enough to intimidate her.

“Haven’t I told you not to call me ‘Sir’? And for God’s sake, ‘wag mo akong hohoin, Liz! You’re making me feel old. Anyway, how old are you?”

“Ho?”

“I said, how old are you?” he repeated in a harsh voice.

“Twenty...three,” she almost stammered. Sa dilim ng expression ng mukha ni Christian, pakiramdam niya ay para itong isang tigreng handang manlapa anumang sandali.

“And I’m only twenty-five. Look, magkaedad lang pala tayo. We’re both young. So please, ‘wag mo akong pagmumukhaing matanda. Matagal pang pumuti ang buhok ko. Okay?”

*He was just twenty-five? Napakabata pa nito, she thought. Too young to take the challenge of entrepreneurship. Kadalasan ay nakasuot ng pormal*

ang binata. That added authority and confidence to his looks. And he even looked years older than his age. Ngunit hindi iyon ang nakakuha sa kanyang atensyon. Twenty-five? It surely rang a bell.

“I hope I made myself clear this time.” His authoritative voice vibrated inside the room.

Liz just nodded. Hindi siya nagsalita.

“Good.” He felt relieved. “Now can you help me find the records about last month’s company expenses?”

Bilang sekretarya sa opisina iyon, isa sa trabaho niya ay itago ang mahahalagang dokumento na may kinalaman sa kompanya. At alam niya kung saan nakalagay ang hinahanap nito.

“Okay. And just wait, hahanapin ko muna.” Mabilis na sinalansan niya ang mga files na nakalagay sa drawer. Hindi umalis si Christian sa kinatatayuan nito. Magkadikit sila at nako-conscious si Liz sa tuwing napapadikit ang siko niya sa gilid nito. Ramdam niya ang pagdaloy ng kuryente sa kanilang mga balat. Hindi tuloy siya makapag-concentrate sa ginagawa.

“You smell sweet, Liz.”

Nahigit niya ang hininga sa sinabing iyon ng lalaki. She was holding her breath habang dahan-dahan itong nililingon. But it was a mistake. Sa ginawa niya ay nagkaharap ang mga mukha nila.

“You smell sweetly familiar.” His fresh breath was fanning her face and it brought shivers down her spine.

Liz reluctantly shivered. She was drowning slowly in his charms.

“Christian...” kusa iyong nanulas sa kanyang mga labi. Her mind was blank. The erratic beating of her heart seemed to choke her. They were so close. Eyes locked to each other. And she found herself mesmerized as she stared into those dark hypnotizing chinky eyes.

“Why do I have this feeling na parang matagal na tayong magkakilala?” He cupped her chin and raised it gently.

Napabuka ang kanyang bibig, hindi makapaniwala sa narinig. Pakiramdam niya ay tumigil ang ikot ng mundo nang mga sandaling iyon.

Christian found himself astonished as his gaze roamed around her pretty face. The wide cat-like brown eyes seemed to unite with his soul.

Ang magandang mukha ni Liz ay nakahahalinang tingnan. He would never get tired of staring at her for the rest of his life. He was staring at her as though taking note of all the delicate features of her face. Ngunit pakiramdam ng binata ay hindi na niya kailangang gawin pa ang bagay na iyon. It seemed as though he had already memorized each line, each contour of her face.

Parang nakatatak na yata sa pagkatao niya ang kabuuan ni Liz. In fact, he had dreamt of her the other night. He thought that he was just strongly attracted to this woman kaya kahit hanggang sa panaginip ay kaulayaw niya ito. But having her in his arms now, feeling the warmth of her flesh against his, he felt the surge of deep longing within him. Matinding pananabik na nakatago sa sulok ng kanyang pagkatao.

“Liz,” he murmured her name. “Have we meet before?” His stare dropped to her slightly parted lips. Her sensuous lips tickled his sanity. He was fighting the urge of temptation. But God, how he wanted to cover her mouth with his in a wild passionate kiss!

Pakiramdam ng dalaga ay nanuyo ang kanyang lalamunan. The blaze of fire that she could clearly see from his eyes made her eyes grew wide in panic.



Or was it excitement?

“I d-don’t know.” Biglang nangatog ang kanyang mga tuhod. Anumang sandali ay matutumba siya sa pagkakatayo. Dazed, she broke the eye contact.

But his face moved toward her even closer. Her brain gave a warning, ngunit hindi niya alam kung ano ang dapat na gawin. Nabibingi na siya sa lakas ng kabog ng kanyang dibdib. Gahibla na lamang ang pagitan ng kanilang mga mukha nang tumigil ito. She felt disappointed. She really thought he was going to kiss her. Unknowingly she closed her eyes and waited for the moment for their lips to meet.

Ngunit hindi nangyari ang kanyang inaasahan. She opened her eyes and blushed in embarrassment. She was about to push him away when he caught her other hand. Ang sumunod na pangyayari ay hindi niya inaasahan.

Dinala ni Christian ang kamay niya sa tapat ng dibdib nito. And there, she felt the heavy beating of his heart. She frowned. At bakit ganito kalakas ang tibok ng puso nito? Ganito rin kabilis ang tibok ng kanyang puso ngayon.

“Tell me, Liz. Tell me, why does my heart beat rapidly like this?”

She was caught off-guard. Tongue-tied, nanatili siyang nakamata lamang sa lalaki.

“Tell me, Liz. Dahil ikaw ang dahilan kung bakit ganito kabilis ang tibok ng puso ko.”

She gasped. Bakit ginagawa ito sa kanya ni Christian? Hindi ba alam ng lalaking ito na nagmumukha na siyang tanga sa tinatakbo ng mga pangyayari? Ang hayagang pagpaparamdam nito ng damdamin. Ang di-maipaliwanag na nararamdaman niya para sa binata.

She couldn't handle herself anymore. She gathered her wits at itinulak papalayo ang binata. At dahil nabigla ito sa kanyang ginawa, madali niyang napalaya ang sarili mula rito.

“I don't know what you're talking about, Christian,” exasperated niyang pahayag. At ngayong nakalayo siya sa lalaki, medyo nakahinga siya nang maluwag. “All I know is that this is insanity. Are you making a fool of me?” She feigned anger. And when he took steps forward, she backed away.

He saw her reaction. At bigla ay natigilan ito. Napabuga ito ng hangin at lumakad papunta sa mesa nito. Ngunit hindi ito umupo. His hands were on his pockets. He too was absorbed with his own

crazy thoughts. Ito man ay hindi maintindihan ang sarili. All he knew was he was only acting according to his instinct. And also according to what his heart seemed to tell him.

Christian shook his head. He was obviously getting weird! Why on earth was he acting like this? Was he still normal? Or was he possessed? Miserableng napasuklay sa buhok ang binata. Ngunit bakit pakiramdam nito ay wala itong kontrol sa sariling damdamin? At sa nakikitang pagkalito sa mukha ni Liz, gusto nitong batukan ang sarili.

“I’m sorry, Liz. It’s just that I... I...” He was trying to find the appropriate words to explain his actions.

Tahimik na bumalik siya sa sariling puwesto. She didn’t know how to react anymore. Magulo ang kanyang isipan.

# 4

Isang hapon ay naghihintay ng taxi si Liz nang huminto ang isang sasakyan sa kanyang harapan.

Magara ang itim na *BMW*. Kaagad na sumikdo ang kanyang dibdib nang sumungaw sa bumukas na bintana ang guwapong mukha ni Christian.

Nakangiti ang binata. Maaliwalas ang bukas ng mukha nito. Kabaligtaran sa madilim na anyo nito kanina nang lisanin niya ang opisina. Nagkasagutan sila. Napikon siya at nag-walk out. Sampung minuto pa ang nalalabi bago mag-alas-cinco y media ng hapon, ngunit minabuti na lamang niyang umuwi na upang maiwasan si Christian.

“Hop in, Liz.” The invitation was warm and sincere. Kaagad itong lumabas ng kotse at binuksan ang pinto ng front passenger seat.

Simpleng ngiti ang kanyang naging tugon. “Thanks. But I can take a cab.” She made sure, based on the tone of her voice, that she didn’t want his company.

But Christian only shrugged his broad shoulders. “Come on, Liz. I just want to apologize sa nagawa

ko kanina. I know I've been rude."

Friendly ang pagkakangiti nito. Ngunit may bahid ng awtoridad ang boses nito.

"Christian, huwag na," she sighed. She was getting exasperated again.

"Believe me, Liz. Gusto ko lang namang makabawi sa iyo." His gaze deepening. "I don't know. Ngunit kahit ako mismo ay naguguluhan kung bakit ako umaakto nang ganito. I know I'm acting strange. It's just that I really don't know why." Napabuga ito ng hangin. Ang sinseridad ng sinabi ay masasalamin sa mga mata nito. "But can we at least be friends?"

Friends? A part of her brain mocked her sanity. Friends? How could they become friends gayung napakalakas ng atraksyong namamagitan sa kanila. At maski siya ay hindi niya gusto ang ideyang iyon. Foolish, but she wanted more than friendship!

"Friends?" ulit ni Christian subalit lihim itong napangiwi. Hindi nito gustong maging magkaibigan lamang sila ng dalaga. God forbid, but that was the rotten truth! But at least, it would be a good start. Unang kita pa lamang ng binata kay Liz, pakiramdam nito ay nahanap na nito sa wakas ang matagal nang kulang sa buhay nito.

“Okay.” Napabuga siya ng hangin tanda ng pagsuko. “Friends.” Tinanggap niya ang pakikipagkaibigan nito.

He grinned widely. Iminuwestra nito ang passenger seat. Pinapasakay na siya sa loob ng kotse.

Nag-aalangan man ay sumakay na rin siya sa loob ng magarang *BMW*. Ganoong tinanggap na rin niya ang pakikipagkaibigan nito, she had to do this.

Malamig ang air-con sa loob ng sasakyan. Ngunit hindi sapat ang lamig niyon upang patayin ang init na unti-unting dumadaloy sa bawat himaymay ng kanyang laman dulot ng pagkakalapit nila ng binata. With Christian beside her, pakiramdam ni Liz ay awtomatikong tumataas ang kanyang temperatura.

She relaxed herself at isinandal ang ulo sa headrest ng passenger seat. Kalong niya sa kandungan ang dalang handbag.

“Saan tayo papunta?” kaagad na tanong niya nang mapansing matulin ang pagpapatakbo nito sa sasakyan. Iniisip niyang ihahatid siya ng binata pauwi sa kanilang bahay. “Sa Caloocan ang bahay namin, Christian.” She voluntarily gave the information nang maalalang hindi siya tinanong nito tungkol sa bagay na iyon.

Nanatili itong tahimik. Nakatuon ang atensyon nito sa daan habang nagmamaneho. At tila may iniisip ito.

“Christian?” Agaw-atensyon ang bahagyang pagtaas ng kanyang boses.

Kaagad na nilinga siya ng lalaki. “Pardon, Liz?”

“I said, saan tayo papunta?” ulit niya. “Kung ihahatid mo ako sa amin, then sa Caloocan kami nakatira.”

“Caloocan,” tatangu-tangong ulit nito. “How long have you been staying there?”

“Just almost six months. Originally, my family is from Quezon province.”

“Quezon?” The thought about the place made his head swirl suddenly. Kaagad nitong binagalan ang pagpapatakbo ng kotse sa biglaang pag-ikot ng paningin.

At hindi iyon nakaligtas sa nagmamasid na mga mata ni Liz. “Something wrong, Christian?”

Bahagya itong napapikit. Ngunit nang dumilat ito, he seemed relaxed already. “Nothing,” tipid na sagot nito. Muli nitong ibinalik ang konsentrasyon sa pagmamaneho.

Lihim siyang nakahinga nang maluwa nang makitang okay na ang bukas ng mukha ng binata.

“Can you spare me some of your time tonight, Liz?” mayamaya ay basag nito sa katahimikang namumuo sa loob ng sasakyan.

“What do you mean?” She stared at Christian. Abala ito sa pagmamaneho at malaya niyang napaglakbay ang paningin sa guwapo nitong mukha.

Undoubtedly, he was handsome. His chinito charm was enough to sweep her off her feet. At katunayan ang malakas na rigodon ng kanyang dibdib sa mga sandaling iyon.

“May gusto kasi akong puntahan and I want some company.” Sandali siyang nilingon nito.

At huling-huli siya sa akto na nakatitig sa mukha nito. She felt the sudden rush of blood in her cheeks. Kaagad na itinutok niya ang paningin sa ibang direksyon. At nang muli siyang tumingin kay Christian, she saw the pleading look on his face. At hindi niya alam kung bakit, natagpuan na lamang niya ang sarili na tumango bilang pagsang-ayon.

“DO YOU LIKE IT HERE?” Nakapamulsang



sinuyod ni Christian ng tingin ang magandang tanawing nakikita ng mga mata nito.

Mula sa mataas na bahaging iyon ng Antipolo, kitang-kita ang kabuuan ng Maynila. Animo'y mga bituing nagkikislapan ang makukulay na ilaw ng lungsod.

The view was simply breathtaking!

“Ang ganda pala dito, Christian!” she exclaimed. Ang paghanga ay nakabadha sa kanyang mukha. Ngunit mayamaya ay napakunot ang kanyang noo nang mapansing parang pamilyar sa kanya ang lugar na iyon. Nakapunta na ba siya sa lugar na ito? Pilit niyang inalala iyon ngunit wala siyang matandaan.

“Yes.” The monosyllable hung in the air. “Napakaganda nga ng tanawin sa lugar na ito,” he agreed. “Lately, I’ve been here often.” Nakasandal ito sa kotse at nakahalukipkip. Tumingin ito sa kanya. “Alam mo ba kung paano ko nadiskubre ang lugar na ito?”

Nakamata lamang siya sa binata. At nakita niya ang maraming klase ng emosyong nagsasalimbayan sa mga mata nito habang nagsasalita.

“I don’t know,” he continued, “ngunit natagpuan ko na lamang ang sarili ko sa lugar na ito. At nang

masilayan ko ang kabuuan ng paligid, it was then that I realized that I've been dreaming of this place for some time already." He stared at the heavens above. But unlike the view below them, madilim ang kalangitan. Wala kahit isa mang bituin.

Natagpuan ni Liz ang sarili na matamang nakikinig kay Christian. Tumingin din siya sa madilim na kalangitan nang tumingala ito.

"Oh, by the way, maybe you're starving already. Wait." He straightened his back at binuksan ang pinto sa back seat. Mula sa loob ay may kinuha itong mga bagay.

She saw a thick piece of cloth na inilatag nito sa damuhan. Sunod nitong inilapag ang container ng bucket meal na in-order nito sa *KFC* kanina habang nasa daan sila. Nakamata lamang siya sa binata habang abala ito sa ginagawa. She was fascinated by his every movement. At hindi maiwasang tumaba ng kanyang puso sa effort na ini-exert nito para sa kanya.

"K'ain na tayo," untag nito sa lumilipad na isipan ni Liz.

She smiled upang itago ang pagkapahiya. Nakita niyang nakaupo na ito sa nakalatag na tela at

nakahanda na rin ang pagkain. “Ano ‘to? Night picnic under the starless sky but above the twinkling lights of the city?” She cracked a joke upang pagtakpan ang kagiliwang namumuo sa kanyang dibdib. Umupo na rin siya sa makapal ngunit malambit na tela paharap kay Christian.

Habang sinusuyod niya ng paningin ang pagkaing nakahain sa kanyang harapan, hindi tuloy niya maiwasang maalala na madalas nga pala siyang bumili ng bucket meal sa fast food. Kanina nang bumili ng pagkain ang lalaki ay hindi na siya nito tinanong kung ano ang gusto niya. Ngunit nang makita ang in-order nito, lihim na lamang siyang napangiti.

“Alam mo bang madalas akong bumili ng bucket meal?” Isinatinig na rin niya ang laman ng kanyang isipan. “Mahilig kasi akong kumain ng manok especially fried chicken.”

“Paborito mo rin pala ang pritong manok.”

She raised her head to see his face. “So pareho pala nating paborito ang fried chicken.” She was slightly amazed by that discovery.

“Liz?” Halos pabulong na lumabas sa bibig nito ang kanyang pangalan, ngunit malinaw iyong

narinig ng babae. “May I hold your hand?”

And before she could react, he held her chilling hand, raised it and then brought it to his lips. He planted a soft, gentle kiss on the back of her palm.

Liz shuddered involuntarily. Hindi niya alam kung iyon ay dahil sa dumaan na malamig na panggabing hangin o dahil sa sensasyong dulot ng pagdaiti ng mga labi ng binata sa kanyang balat. Marahas na hinalbot niya ang kamay na hawak-hawak nito.

Sa halip na humingi ng paumanhin ay nawalan ito ng imik. Nahulog ito sa isang malalim na pag-iisip.

She could not help sighing deeply.

“Naramdaman mo rin ba ang naramdaman ko?”

“What?” She sounded incredulous. That was surely a very absurd question. But it made her heart leap.

Christian rose to his feet. With hands inside his pockets, he stared at the dark sky above him. His expression unreadable, unfathomable. Mayamaya ay nilingon nito ang dalaga na nakatungo habang nakatitig sa nakahaing pagkain. Pagkatapos siyang

titigan nang matagal, muli itong naupo sa malambot na tela.

“Never mind. I guess we should eat now.”

PAALIS NA SILA SA LUGAR na iyon. Subalit hindi kaagad binuhay ni Christian ang makina ng sasakyan.

“Tell me honestly, Liz, what can you say about this place?”

Napakunot ang kanyang noo. “What do you mean, Christian?” She voiced out her confusion.

“Just tell me, Liz. Listen to your heart. At sabihin mo sa akin ang totoong sinasabi ng puso mo tungkol sa lugar na ito.”

Nagtataka man, sinunod niya ang sinabi nito. She closed her eyes and listened to her heart. The place was indeed magnificent! With the lights of the city below, dazzling like countless stars in the sky, the place was indeed very romantic! A perfect haven for couples in love with each other. Bukod sa paghanga na nararamdaman niya para sa lugar na ito, she felt something else. The feeling of familiarity was there again. Parang nakapunta na talaga siya sa lugar na

ito.

She opened her eyes. “Like what I’ve said, napakaganda ng tanawin sa lugar na ito. Very romantic ang setting at nakakasilaw ang mga nagkikislapang ilaw ng lungsod ng Maynila.”

“And?” He wasn’t satisfied with her answer.

“And?” she echoed. She saw that look in his eyes. He wanted to hear something else. With that, she tried to close her eyes again. At nandoon na naman ang pakiramdam na parang nakapunta na siya sa lugar na iyon minsan sa kanyang buhay. At ang pakiramdam na iyon ay mas lumakas sa pangalawang pagkakataon.

Nagmulat siya ng mga mata upang sabihin sa binata ang tunay na nararamdaman. Tumingin siya rito at nakita ang nagsusumamo nitong mga mata.

“Strange,” she started in a soft voice, “but I have this feeling na parang nakapunta na ako sa lugar na ito minsan sa aking buhay. Pero sa pagkakatanda ko naman ay ngayon pa lamang ako nakatuntong dito.”

“Gan’un ba?” His eyes flashed. Tila nasiyahan ito sa naging sagot niya.

“Parang gan’un na nga.” Weird but true. Hindi

nga ba at weird din ang sinabi nito tungkol sa lugar? Kung paano nito natunton iyon?

Matagal na katahimikan ang namayani sa pagitan nila. Muling nahulog sa malalim na pag-iisip ang lalaki. She opted to remain silent too. Isa pa ay hindi niya alam kung ano ang sasabihin nang mga sandaling iyon. But suddenly, she felt her head start to spin. Nasapo niya ang ulo nang makaramdam ng pagkahilo. Subalit hindi iyon nagtagal at kaagad ding nawala.

“You know, this place puzzles me a lot.” His baritone voice broke the silence inside the car. “Gaya nga ng sinabi ko kanina, hindi ko alam kung paano ko natunton ang lugar na ito. Namalayan ko na lamang na nandito na ako at pinagmamasdan ang kagandahan ng kapaligiran, ang nagkikislapang mga ilaw ng lungsod. Pagkatapos ng insidenteng iyon ay pabalik-balik na ako dito.”

Saglit itong tumigil upang huminga. “Aside from the fact na palagi kong napapanaginipan ang lugar na ito, unang punta ko pa lamang dito, I can feel it, Liz. I know I’ve been to this place before. At sa pagkakataon ding iyon, I found a piece of myself.”

Si Liz ay tahimik lamang na nakikinig sa binata. Subalit tinatandaan niya ang detalye ng bawat

sinasabi nito.

“I’ve been searching for quite a long time about myself, Liz. Pakiramdam ko ay maraming kulang sa aking pagkatao. Puno ng kahungkagan ang aking puso. I tried hard to fill that empty space in my heart.

“Isa ang lugar na ito sa nagbigay ng kabuluhan sa aking buhay. Everytime I am here, I feel somewhat complete.” He paused and looked at her intently. “But I know, there was something else missing.”

“Christian?” she had managed to utter his name. Hindi niya alam ang dahilan kung bakit sinasabi sa kanya ng lalaki ang lahat ng ito. But she was more than willing to lend an ear.

“Just recently,” he continued in a soft murmur, “I found the largest missing piece of the puzzle. ‘Yun bang pakiramdam ko ay natagpuan ko na sa wakas ang matagal ko nang hinahanap.’ Tunitig ito sa mga mata niya na sinalubong naman niya. Pinipilit niyang tinatagan ang kalooban upang makatingin nang tuwid sa binata.

“I found you, Liz,” he said with conviction. “I don’t know, but the very first time I met you, I feel like I’m home again.”

Her jaws dropped in amazement. Speechless,



she just stared at his handsome face. Hindi siya makapaniwala sa narinig. Hindi ba siya nililinlang ng kanyang pandinig?

It was then that a pang of nausea attacked her. Suddenly, blurred images flocked her mind. May naririnig din siyang mga boses bagaman hindi malinaw. She closed her eyes tightly. Pakiramdam niya ay mabibiyak ang kanyang ulo sa matinding sakit.

“Are you okay, Liz?” There was concern in his voice. Ang dalawang kamay nito ay maingat na pumatong sa kanyang magkabilang balikat, comforting her.

“I’m okay now,” she eased herself away from him. He was too close for comfort. His manly fresh scent filled her nostrils. At nakakadagdag iyon sa hilog nararamdaman niya. Umayos siya ng pagkakaupo nang unti-unting bumuti ang kanyang pakiramdam. She gently massaged her forehead.

“Let me.” He moved closer toward her.

But she stopped him on time. “No. Don’t bother anymore. Medyo nahilo lang ako.”

Napabuntong-hininga na lamang si Christian. “I guess we should go home now.”

On instinct, she glanced at her wristwatch. Bigla siyang nabahala nang ma-realize na alas nueve na ng gabi. Halos ay hindi niya namalayan ang mabilis na pagtakbo ng oras!

Kaagad na pumasok sa kanyang isipan si Gerald. Tiyak, kanina pa siya nito hinihintay. She opened her bag to look for her cellphone. She was expecting some messages.

Ngunit naka-off ang kanyang CP. Naisip niyang baka mahina na ang baterya. Ini-on niya ang phone subalit kaagad iyong namatay. Battery empty. Baka kanina pa siya kinokontak ng ina.

“Yeah, we need to go home right now. Lumalalim na ang gabi.” Isinilid niyang muli sa loob ng handbag ang cellphone.

“THANKS A LOT for the wonderful evening, Liz.” Nagniningning ang mga mata ni Christian habang sinasabi iyon.

She smiled. “Thanks, too. I enjoyed the night.” It was genuine and sincerity was in her voice.

Akmang bubuksan nito ang pinto sa gawi nito upang bumaba para maipagbukas siya ng pinto.

Ngunit pinigil niya ito.

“Wag na. I can manage.”

“But—”

“Don’t bother anymore, ‘kay?” she assured him.

“Okay,” Christian shrugged his shoulders. “But before you go, can I have your number?”

“Sure!” She did not hesitate. Kaagad niyang ibinigay rito ang numero ng kanyang CP.

He stored her number in his phonebook.

Akma na niyang bubuksan ang pinto ng kotse sa kanyang gawi upang bumaba nang marinig na tinawag siya nito. Nilingon niya ang binata. And before she could move, he planted a quick kiss on her cheek.

“Good night, Liz. And take care,” he whispered huskily.

Sandaling natulala si Liz sa ginawa nito. It was just a simple goodnight kiss but it took her breath away. For a fleeting moment, she thought the world stopped revolving.

“Good night, too.” Kaagad na hinamig niya ang sarili. It was just a simple kiss, she assured herself.

She did not have to act like a blushing teenager!  
“I’ve got to go now. ‘Bye, Christian.”

He nodded his head in agreement.

Kaagad na umibis ng sasakyan ang dalaga. Nakita niyang dumungaw sa veranda ang kanyang ina. Karga nito si Gerald. Nagmamadali ang mga hakbang na tinungo niya ang gate ng kanilang bahay. Bumukas iyon at iniluwa si Maila.

“Buti naman at dumating ka na, Ate. Kanina pa may sumpung si Gerald. Hinihintay ka yata,” kaagad na pagbabalita nito.

Nakapasok na siya sa loob ng kanilang bakuran. Mula sa sulok ng kanyang mga mata ay kitang-kita niyang hindi pa nakaalis ang sasakyan ni Christian. Ngunit hindi na niya hinintay na makaalis ito, kaagad na pumasok siya sa loob ng kanilang dalawang palapag na bahay.

“Buti naman at naisipan mo pang umuwi,” salubong sa kanya ng ina nang makarating siya sa sala. Si Gerald na umiiyak habang karga ng lola ay kaagad na tumigil nang makita ang ina.

“Mama!”

“Baby!” Kaagad na kinuha niya sa ina ang anak.

hinagud-hagod ang makapal na buhok ng bata. Humagikgik ito nang matinis nang kilitiin niya ito sa tuyan.

She smiled warmly.

“Saan ka ba nanggaling, Liz?” Inagaw ni Rosita ang atensyon ng dalaga. “Kanina pa kita tinatawagan. Ngunit out of coverage ang phone mo.”

“Nag-lowbatt kasi ang cellphone ko, ‘Nay,’ simpleng tugon niya. Hindi niya gustong sagutin ang unang tanong nito at wala siya sa mood na humabi ng kuwento. “Patutulugin ko muna si Gerald, ‘Nay.’” Iyon lang at kaagad niyang nilisan ang sala.

“Kumain ka na ba?” pahabol na tanong ng ginang. Gusto pa sana nitong tanungin ang anak kung sino ang taong naghatid dito.

“Opo, ‘Nay,’ sagot niyang hindi na pinag-abalahang lingunin ito. Nagmamadali ang kanyang mga hakbang patungo sa nursery room. Alam niyang marami pa itong itatanong sa kanya. At hindi niya alam kung bakit, ngunit hindi niya gustong sabihin dito ang tungkol kay Christian.

Isinara niya ang dahon ng pinto nang makapasok sa silid ng anak. “Ang cute-cute talaga ng baby ko.” Nanggigil na kinurot niya nang magaan ang

matambok na pisngi nito.

Isang matinis na hagikgik ang iginanti nito.

“Gerald...” Marahang inilapag niya ang bata sa malambot na kama. She watched her son giggle innocently. She lovingly cupped his soft, rosy cheeks. And she felt the warmth of happiness flow in her heart. This sweet innocent little angel was her most precious possession.

*Christian...*

Hindi niya alam kung bakit sumagi na naman sa kanyang isipan ang lalaki. It took her few moments to realize why. Staring at her son right now, para na rin siyang nakatingin sa isang batang Christian!

Habang tumatagal, the resemblance between Christian and Gerald was becoming very evident. Magkamukha talaga ang dalawa na para bang iisang dugo lamang ang nananalaytay sa kanilang mga ugat!

The thought of it chilled her spine.

Gerald was her source of life and inspiration. Ito ang pinakamahalagang bahagi ng kanyang pagkatao. At si Christian? Ito ang tanging lalaking gumulo sa tahimik niyang mundo. Ang pumukaw sa

natutulog niyang puso.

NAKATUTOK SI CHRISTIAN sa bawat detalye tungkol sa pagkatao ni Liz habang binabasa ang resumé nito. Halos isang linggo na silang magkasama ng babae at hindi niya mapigilang tuklasin ang misteryong bumabalot sa pagkatao nito. Kung bakit siya nakakaramdam ng ganitong di-maipaliwanag na damdamin para sa sekretarya.

Tama nga ba itong nararamdaman niya? Ano ba ang kinalaman ni Liz sa bahagi ng kanyang pagkatao?

Hinalungkat niya ang mga files sa cabinet at nakita niya roon ang nakatagong three-page resumé nito. At hindi maipaliwanag ang excitement na naramdaman niya nang mahawakan iyon. Wala siyang alam sa personal na detalye tungkol sa pagkatao ng kanyang sekretarya. Kasalukuyan na itong nagtatrabaho sa kompanya nang pumalit siya sa puwesto ni Mr. Campado.

Muli, humugot siya ng isang malalim na buntong-hininga. Muli niyang binasa ang mga nakasulat sa unang pahina.

Name: Liz San Diego

Age: 23

Status: Single

His mouth curved into a smile. Natutuwa siya sa kaalamang dalaga pa ito. Iyon ang pinakamagandang parte ng resumé nito. Akma niyang ibabalik iyon sa cabinet nang mahagip ng kanyang paningin ang isang piraso ng papel kung saan niya nakita ang resumé ni Liz. Kinuha niya iyon at tiningnan. It was her SSS record.

His expression turned grim and serious when his gaze fixed on her dependents. Nakalagay roon na may anak si Liz! Biglang napaupo si Christian. Hindi niya alam kung ano ang iisipin sa mga oras na iyon. *Liz has a son!* Napahilamos siya sa mukha. Nanlulumo ba siya sa natuklasan?

Lumipad sa pinto ang paningin ng binata nang bumukas iyon. He saw Liz enter the office. He stared at her with grimaced face.

Sa nakikitang expression ni Christian ay nag-aalalang lumapit sa kanyang mesa ang dalaga. He was very early. *Ngunit bakit ang seryoso naman ng mukha nito? May problema kaya?*

“Good morning, Sir,” bantulot na bati ni Liz. Nakamata lamang ang lalaki sa bawat kilos niya. At



hindi niya tuloy maiwasang kabahan. Pakiramdam niya ay nakagawa siya ng malaking kasalanan at anumang oras ay sasabunin ng boss. Late ba siya? Lihim na tiningnan niya ang kanyang wristwatch at nakahinga nang maluwag nang makitang sampung minuto pa bago ang alas ocho ng umaga. So hindi siya late. May nagawa ba siyang mali sa trabaho niya nang nagdaang araw?

Nanatiling tahimik lamang si Christian. Hindi ito kumukurap habang nakatitig sa kaharap. God, but she has a son! But where was the father of her child? And why did she declare a single status? Isa ba itong dalagang ina? He closed his eyes in frustration. Sa kaalamang may ibang lalaki sa buhay ni Liz ay napuno ng paninibugho ang kanyang puso. He couldn't even imagine somebody touching her! He slammed the paper on top of the table. God, but he was raging in jealousy!

Muntik nang napalundag sa kinauupuan si Liz. He was angry. Ang madilim nitong anyo ay sapat na upang kumabog ang kanyang dibdib. Ngayon ay natitiyak na niyang galit nga ito!

“Sir, what’s the—”

“To hell with that ‘Sir’!”

Nalunok niya ang dapat sana ay sasabihin.

“Sorry...” Hindi niya alam kung ano ang dapat gawin nang mga oras na iyon. Halos ay napapaso siya ng nagliliyab na mga mata ng binata. Ngunit bakit ganito na lamang ang galit nito?

She looked scared... cornered... and helpless... At sa nakikitang anyo ng dalaga, biglang natilihan si Christian. He realized he was getting rude. And all because of jealousy! His fist tightened. He closed his eyes at pinayapa ang sarili. Mayamaya ay tumayo siya at lumapit sa bintana. Blangko ang tingin habang nakatitig sa kawalan.

Si Liz ay puno ng agam-agam ang dibdib na nakamata lamang sa lalaki. She was really puzzled by his abnormal behavior. And to think that it was still very early in the morning. Nang maagaw ang kanyang atensyon ng piraso ng mga papel na ibinagsak ng binata sa ibabaw ng mesa nito kanina.

Kumunot ang kanyang noo nang makita ang kanyang picture sa isa sa mga papel. So it was her resumé. Sa nanlalambot na tuhod ay lumapit siya sa mesa ni Christian. Hindi siya nagkamali na iyon nga ang binabasa nito kanina. Nakita rin niya ang SSS record niya.

Muling lumipad sa malapad na likod ng boss ang paningin ng babae. Ang mga papel bang ito ang dahilan ng galit nito? Pinag-aaralan ba nito ang kanyang pagkatao?

“So you have a son...” Kasinlamig ng yelo ang boses ng binata nang binasag nito ang katahimikan sa pagitan nila. Humarap ito sa kanya.

She jerked. The coldness in his voice brought chills down her spine. His face was unreadable though the grimness lightened. And she was caught off-guard by his statement.

“Y-yes,” nag-aalangang sang-ayon niya.

“And you are still single.”

“Yes.” It was almost a whisper. Hindi niya alam kung ano ang tinatakbo ng kanilang usapan. All she knew was she was staring at his eyes. Matagal na katahimikan ang namayani sa pagitan nila ng lalaki.

“Where’s the father of your son?” His even colder and harder voice increased the tension in the room.

Liz lowered her gaze. She thought of Gerald. Hindi pa man ito ipinanganak ay namatay na ang ama nito. He was deprived of his right to have a father. And she felt sorry for her little angel.

“Iniwan ka ba niya?” Halos ay mag-iisang linya na lamang ang singkit na mga mata ng lalaki. Nanatiling tahimik si Liz. And he could see bitterness in her face. “Damn him for leaving you!” His voice raised a level. He was really angry. And oh, how he wanted to kill that bastard!

Her face rose. And when she met his stare, he couldn’t fathom the loneliness in those pair of cat-like eyes.

“He’s dead already,” bahaw na pahayag niya. The corner of her eyes moistened. “He died in a car accident before I gave birth to my son.”

“Oh!” He was left speechless. At sa nakikitang matinding kalungkutang bumalot sa pagkatao ng babae, naawa ito sa kanya. He walked toward her and gathered her in his arms. She felt soft and warm. At habang yakap ang babae, he felt peace and satisfaction. He closed his eyes and savored the softness of her body against his.

Nagulat siya sa ginawa ni Christian. Namalayan na lamang niyang nakakulong na pala siya sa mga bisig nito. His one hand moved up and down, comforting her. At di-maipaliwanag na kaligayahan ang pumuno sa kanyang dibdib. Ang mga kamay niyang nakatukod sa dibdib nito ay bumaba at

lumipat sa likuran ng lalaki. She answered his hug with equal tightness.

*Christian...* Pumikit ang kanyang mga mata. At ninamnam niya ang bawat sandaling nakakulong siya sa mga bisig ng binata. It felt really wonderful. Naramdaman niya ang kamay nitong sumapo sa kanyang mukha. She opened her eyes. Nakasalubong niya ang nangungusap na mga mata nito.

He was looking at her with utmost gentleness. He gently touched her nose and traced the contour of it. He was fascinated by her every detail. Bumaba ang daliri nito sa gilid ng mga labi niya. He stopped and fixed his gaze on her slightly parted lips.

*I promise to love you forever...* Mula sa kung saan, those words popped in his mind. He blinked thrice.

“Christian...” Pakiramdam ni Liz ay nanunuyo ang kanyang lalamunan. She swallowed the lump that was forming in her throat. Kumapit ang kanyang mga kamay sa leeg ng binata. Nanginginig ang kanyang mga tuhod at kailangan niya ng makakapitan.

“Sorry for hurting you this way,” he whispered gently. Eyes still locked to hers. “I know I was stupid

for bringing up this matter. I should not have made a fuss about it.”

So this was all about her having a son? Ang animo magic na bumalot sa kanila ng binata ay biglang nawala. “Why, what’s the big deal about it?” She pushed him away but he resisted. “Let me go, ano ba!” Muli niyang itinulak ang lalaki at sa pagkakataong ito ay pinakawalan siya nito. “So kaya ka pala nagagalit ay dahil may anak ako, gan’un? Bakit? Masama bang magkaroon ng anak, huh!” Her voice shrieked. Gerald was a gift from God. At kahit kailan ay sensitive siya pagdating sa kanyang anak. And she was getting angry right now.

“No.” His voice steady and hard.

“Wala naman palang masama—”

“But I’m dead jealous, Liz!” He cut her in a fierce voice. “I can’t simply bear to think that you’ve been with another man.” His chest tightened with the thought.

“Ano ba’ng pinagsasabi mo?”

Marahas na huminga si Christian. He put his fists inside his pockets and turned away from her. He became silent.

She was looking at his broad back. He was so silent. At hindi niya alam kung ano ang dapat na sabihin dito.

“Never mind,” mahinang bulong nito habang nakatalikod. “I don’t understand either.” He turned around and faced her squarely. “How’s your son?” There was a touch of gentleness in his voice.

“He’s okay.”

“I hope to meet him someday.”

Napasinghap si Liz sa tinuran nito at napamata lamang dito. At habang nakatitig siya sa lalaki, napalitan ng mukha ni Gerald ang guwapong mukha nito. She blinked... Christian and Gerald... Hindi na niya maiwasang kumpirmahin na magkamukha nga ang dalawa. She thought of Gerald, Christian and herself... And her lips curved into a happy smile. Suddenly, she started to giggle.

Nagkasalubong ang mga kilay ng binata. “What’s so funny, huh?”

But she continued to laugh merrily.

He walked toward her. Mga isang dangkal na lamang ang pagitan nito sa babae nang tumigil siya sa pagtawa at sumeryoso.

“My son is doing fine. He’s growing to be a smart kid.” *And he looks just like you.* Ngunit sinarili na lamang niya ang isiping iyon.

“DON’T GO OUT for lunch alone. Sabay na tayo.”

Natigil sa ere ang kamay ni Liz. Akma sana niyang pipihitin ang doorknob upang buksan ang pinto ng opisina nang magsalita si Christian. Lunch break na kasi. Kakain siya sa isang turo-turo na nasa likuran lamang ng building ng *GFPI*.

He swiftly rose to his feet. Inayos muna nito ang suot na long-sleeved shirt at lumakad patungo sa kanya. He opened the door and led her outside.

“S’an mo gustong mag-lunch?” He gave her a quick glance.

“Ikaw ang bahala,” she said in a soft voice. Wala naman talaga siyang maisip na lugar na kakainan. At isa pa ay hindi niya inaasahan ang pangyayaring ito. Na sabay silang manananghalian ni Christian.

“I know a nice place na malapit lang dito. Tara.” Hinawakan nito ang kanyang braso at inakay siya. Walang anu-ano ay tumunog ang cellphone nito.



“Sandali.” He released her arm at dinukot sa bulsa ng polo ang maliit na aparato. Pagkatapos suriin sa screen kung sino ang tumatawag, he glanced at her at iminosyong sasagutin lang muna nito ang tawag.

Marahang tango ang tugon ni Liz dito. Bahagyang lumayo ang lalaki at kinausap ang nasa kabilang linya. Inabala niya ang sarili sa paglilibot ng paningin sa hallway. May mangilan-ngilang tauhan ng *GFPI* ang dumaraan. Sa canteen patungo ang mga ito upang mananghalian.

Nang lumapit si Christian ay nakamata lamang siya sa binata. Tapos na itong makipag-usap sa caller.

“I’m sorry but I think sa canteen na lang tayo kumain. I don’t have much time anymore to go out. Okay lang ba?”

She nodded her head in agreement.

Habang naglalakad ay nakaagapay ito sa kanya. At hindi tuloy maiwasang kumiskis ang siko niya sa tagiliran nito habang naglalakad siya. Pagdating sa canteen ay lalo tuloy siyang na-conscious. Maraming mata ang nakatingin sa kanila lalo na sa mga kababaihan. Ito ang unang pagkakataong nakita silang magkasamang kakain ni Christian. Pilit niyang binale-wala ang mga matang nakamasid at

nag-order ng kanyang lunch.

“Take your pick,” he whispered in her ear.

“Huh!” She jerked. Hindi niya namalayang yumukod ito at idinikit ang mukha sa kanyang tainga. Kaagad na nagtayuan ang balahibo niya nang tumama ang hininga nito sa kanyang batok. Patay-malisyang itinuro niya ang pagkaing nagustuhan.

“Okay, ako na ang bahala dito. Can you find a seat for us?” He flashed a boyish smile.

Sandaling nabatubalani si Liz habang nakatitig sa mukha nito. Parang wala sa sariling tumango na lamang siya at naghanap ng bakanteng mesa. Pasalampak na naupo siya sa silya at malalim na bumuntong-huminga. Nagtaas siya ng paningin at nang makitang nakatutok nang matiim sa kanya ang mga mata ng lalaking nasa kabilang mesa, iniyuko niya ang ulo upang itago ang pamumula ng pisngi.

The man was in his fifties. He looked respectable sa suot nitong three-piece suit. At halatang mataas ang posisyon nito sa kompanyang iyon.

Bitbit na ni Christian ang tray ng pagkaing in-order nito at palapit na sa pandalawahang mesang inokupa ni Liz. Inilapag nito ang dala sa kanyang harapan. He was about to sit down when somebody

called his name. Luminga ito.

“Papa!” Magalang nitong sinalubong ang papalapit na magulang.

“Can I join you?”

“Sure! Over here.” Iminosyon nito ang kanilang mesa. Ngunit dahil pandalawahan lamang iyon, lumipat sila sa katabing mas malapad na mesa.

“My secretary,” iminuwestra ni Christian sa ama si Liz. “And this is my father, the President of *GFPI*.”

Isang simpleng ngiti ang gumuhit sa mga labi ng dalaga. “Magandang araw po, Mr. President,” magalang na bati niya. Hindi niya alam kung ano ang dapat na gawin sa harapan ng presidente ng kanilang kompanya. Ito ang unang pagkakataong nakasalamuha niya ang pinakamataas na opisyal ng *GFPI*. “Ikinagagalak ko po kayong makilala.”

Isang simpleng ngiti rin ang iginanti nito sa kanya. “What’s your full name, hija?” He seemed nice. But he was staring at her like he knew her already.

“Liz San Diego po.”

Walang nabago sa expression nito. But there was something else in his eyes. She saw the look of

*Hindi Nakakalimot ang Puso - Sharon Rose*

---

recognition. Palipat-lipat ang tingin nito sa kanila ni Christian. Hindi nakaligtas sa matalas na pandama ni Liz ang pigil na pagbuntong-hininga nito. And she really felt uncomfortable. Ano kaya ang iniisip nito tungkol sa kanilang dalawa ng anak nito?